Mga Bagong Pananaw sa Disaster Risk Management

GUHIT NI RAYMOND VELASCO

Noon	Bagong Pananaw
Ang mga sakuna (disaster) ay mga pangyayaring hindi maaasahan at maiiwasan.	*Maaaring maiwasan at mapaghandaan ang sakuna.*
Ang mga tao sa komunidad ay mga biktima na naghihintay tumanggap ng tulong mula sa mga taga-labas.	*Kahit ang mga nasalanta ng sakuna ay may natitirang kakayahan na maaari nilang gamitin sa pagbangon.*
Ang disaster management ay gawain ng mga ispesyalista gaya ng mga siyentipiko, ekonomista, social worker, pamahalaan at NGO.	*Ang disaster management ay nagbibigay halaga sa paglahok at pagkilos ng mga taga-komunidad at karaniwang mamamayan.*
Ang diin ng disaster management ay tulong sa panahon ng pinsala (relief and emergency assistance).	*Ang diin ng disaster management ay paghahanda bago pa dumating ang panganib para maiwasan ang pinsala.*
Ang layunin ng disaster management ay maibalik ang sitwasyon ng komunidad sa dati bago sila nasalanta.	*Ang layunin ng disaster management ay pagbubuo ng komunidad at lipunang may kakayahan laban sa disaster (disaster-resilient communities).*

BASE SA LIBRONG KAHANDAAN, KATATAGAN AT KAUNLARAN NG KOMUNIDAD: GABAY SA PAGSASANAY SA DISASTER MANAGEMENT (LORNA P. VICTORIA, CENTER FOR DISASTER PREPAREDNESS, 2003)